

1. Tungkol sa mga Pamamaraan sa Pag-iwas sa Heat Stroke

Sinasabi na kailangan pagtuunan ng pansin ang pag-iwas sa heat stroke ngayung tag-init habang lahat ay gumagawa na rin ng paraan upang maka-iwas sa inpeksyon dulot ng bagong Corona virus.

Sa “Bagong Normal” na pamumuhay dapat patuloy ang pag-suot ng face masks. Subalit may panganib na dulot ito, ang pagkakaroon ng heat stroke.

Kung nasa labas ng bahay at may 2 metrong layo sa ibang tao, ay pwede ng tanggalin ang facemasks. Ganun din sa mga may gawain o nag-eehersisyo na kinakailangan ang pag-gamit ng pwersa ng katawan ay hindi na rin kailangan gumamit ng face masks. Ang heat stroke ay kalimitan nangyayari sa loob ng bahay o silid kaya kahit hindi masyadong nauuhaw ay kinakailangan palaging uminom ng tubig.

Kapag mainit ay dapat gumamit ng air conditioners subalit ang mga ito ay walang kakayahang palitan ang hangin na umiikot sa loob ng silid kung kaya’t sa pag-gamit ng air conditioners, ay kailangan din paikutin ang mga exhaust fans upang magkaroon ng sapat na bentilasyon at maiwasan ang pagkakaroon ng inpeksyon.

Kung susunduin ang mga pamamaraang ito ay makakaiwas tayo sa heat strokes.

Kaya dapat tayong maingat upang hindi magkaroon ng heat stroke.

2. Tungkol sa Aplikasyon para sa Pagpasok sa susunod na taon ng 2021 sa Nursery, Kindergardens at mga seripikadong lugar na tulad nilang Child Care Centers.

Ang pagtanggap ng aplikasyon para sa mga nagnanais ipasok ang kanilang mga anak sa Abril sa susunod na taon sa mga Nursery, Kindergardens o mga sertipikadong lugar na may pasilidad na gaya nila ay magsisimula na sa Setyembre. Ang pagbisita sa mga pasilidad kung saan gustong ipasok ang mga anak ay mag-uumpisa naman sa Agosto. Pwedeng tingnan ang mga naturang Nursery Schools sa mga itinalagang araw ng pagbibisita kahit wala ng gagawing aplikasyon para lang dito. Ang pag-apply para sa admisyon ay mula sa umpisa hanggang ika-30 ng Setyembre. Ang lugar ay sa Child Care Section sa ikalawang palapag ng main building ng munisipiyo o sa civic livelihood section ng mga sangay ng cityhall o direkta mismo sa mga pasilidad na gustong paalagaan ang anak. Bilang karagdagan, ang pagtanggap ng aplikasyon para sa mga batang papasok sa kindergardens at mga sertipikadong mga pasilidad na gaya nito ay mag-uumpisa sa unang araw ng Setyembre at kahit kailian magmula sa araw na ito samantalang sa Nursery schools naman at mga gaya nito ay mag-uumpisa ring tangagapin ang aplikasyon sa unang araw ng Setyembre hanggang sa katapusan ng araw ng parehong buwan lamang.

3. Tungkol sa Pagpapadala ng Abiso sa National Health Insurance Tax.

Sa ika-15 ng Hulyo ay magpapadala na ang munisipiyong abiso ukol sa bayarin sa National Health Insurance Tax para sa taong kasalukuyan . Kapag ito ay natanggap, mangyaring bayaran ito sa munisipiyong mismo, sa banko, sa Post Office, sa mga convenience stores at iba pa. Ang mga magbabayad sa pamamagitan ng automatic bank transfer ay magbabawas sa kanilang mga bank accounts sa itinakdang araw ng deadline ng pagbabayad. Ang deadline sa unang installment sa pagbabayad nito ay sa ika-31 ng Hulyo.

Bilang karagdagan, bibigyan ng konsiderasyon ang mga householders na bumaba ng mahigit 30 porsyento ang kanilang sahod dahil sa epekto ng bagong corona virus kung ikumpara ito sa sahod noong nakaraang taon. Ganundin ang mga naging biktima ng ika-19 na bagyo noong nakaraang taon ng 2019 na kung saan ang kanilang tirahan ay lumubog sa baha. Sila ay maaring bigyan palugit o diskwento sa nasabing bayarin.

Kung may kahirapan sa pagbabayad dahil sa mga nasabing kadahilanan ay kumunsulta lamang sa Tax Division ng Tochigi City Hall.

4. Tungkol sa Paglilipat ng Tanggapan ng Tochigi City International Center (TIC)

Kasabay ng pagbubukas ng Tochigi City Civic Center, ang tanggapan ng TIC ay ililipat sa ikatlong palapag ng gusali na ito. Magsisimula ng mag-opisina ang TIC sa ika-23 ng Hunyo.

Ang Tochigi City Civic Center ay apat na palapag na gusali na nasa kanlurang bahagi ng Kuranomachi Nursery sa may Irifune Cho. Nasa harap ito ng Tochigi Chuo Elementary School at sa Southern part ng kasalukuyang itinatayong gusali.

Ang TIC ay itinalaga upang magbigay serbisyo tulad ng kunsultasyon para sa mga dayuhang nakatira sa lungsod ng Tochigi para malutas ang kanilang mga suliranin o iba pang mga alalahanin sa kanilang paninirahan dito.

Kasama rito ang serbisyong pagsasalin ng mga wika ng mga dokumento gaya ng Resident Certificates, Birth o Marriage Certificates. Bukas ang kanilang tanggapan mula alas nuwebe ng umaga hanggang alas sinko ng hapon, Lunes hanggang Biyernes.

Manyaring sumangguni lamang po sa kanila.